**ARALING PANLIPUNAN 5**

Summative Test No. 1

Modules 1-2

4th Quarter

Pangalan: ________________________________ Score: _____

**I. Basahin ang mga pangungusap at piliin ang salita o impormasyong bubuo sa diwa nito. Isulat ang letra ng tamang sagot sa patlang.**

_____1. Liberalismo ang tawag sa kaisipang galing sa Europe na nagpapakita ng___.

a. Pagbibigay ng pagkakataon sa pagpapalayas ng mga prayle sa Pilipinas

b. Pagpapalaya sa mga nasasakdal

c. Pagbibigay ng mga kalayaan sa pagpapahayag ng damdamin at kaisipan

d. Pagpapahayag ng pagkamuhi sa mga Kastila

_____2. Nang binuksan ang Suez Canal, napaikli sa isang buwan ang paglalakbay mula sa Europe patungo sa ______.

a. Maynila b. Cebu c. China d. Japan

_____3. Itinaguyod ng French Revolution ang konsepto ng ________.

a. Kalayaan, kaibigan, at kapatiran

b. Kalayaan, pagkakapantay-pantay, at kapatiran

c. Pagkakapantay-pantay, pagmamahalan, at makatao

d. Kapatiran, kaguluhan, at kagubatan

_____4. Ang deklarasyon ng Cadiz Constitution sa Pilipinas ay nangyari noong ____.

a. 1913 b. 1819 c. 1813 d. 1713

_____5. Ang hindi ganap na naipatupad ang Cadiz Constitution sa Pilipinas ay nagdulot ng iba't ibang reaksiyon sa mga Filipinong katutubo ng Sarrat, Ilocos Norte noong _______.

a. 1815 b. 1915 c. 1715 d. 1816

_____6. Pinaslang ng mga katutubo ang mga ________ na itinuring nilang kasabwat ng pamahalaang kolonyal sa pang-aabuso sa kanila.

a. Peninsulares b. Nasyonalismo c. Hapon d. Principales

_____7. Ilan sa mga mangangalakal, magsasaka, at propesyonal na umunlad ang pamumuhay sa pagbukas ng Pilipinas sa kalakalang pandaigdig ay mga _____.

a. Chinese at Spanish mestizo c. Japanese at Chinese

b. Chinese at Americans d. Spanish at Americans

_____8. Kailan sumiklab ang isang himagsikan ng Spain?

a. Ika- 18 ng Setyembre 1868 c. Ika- 20 ng Oktubre 1968

b. Ika- 19 ng Setyembre 1868 d. Ika- 17 ngAgosto 1768

_____9. Sino ang bagong gobernador-heneral na nakilala sa kanyang liberal na pamamahala sa Pilipinas noong panahon ng nasyonalismo?

a. Carlos Maria de la Torre c. Carlos Romulo

b. Carlos Garcia d. Andres Bonifacio

_____10. Sino ang kilala bilang isa sa pinakamalupit na namuno sa Pilipinas sa panahon ng nasyonalismo?

a. Carlos Garcia c. Gobernador-Heneral McArthur

b. Gobernador-Heneral Rafael de Izquierdo d. Carlos Maria de la Torre

______11. Ang mga paring Kastila ay kabilang sa mga ordeng panrelihiyon o mga paring Regular samantalang ang mga paring Pilipino naman ay tinaguriang mga paring _____________.

A. Katutubo B. Prayle C. Regular D. Sekular

______12. Ano ang layunin ng Sekularisasyon ng mga Parokya?

A. Pag-aalis ng karapatan sa mga Pilipino na maging pari.

B. Mga paring Kastila lamang ang maaaring mamuno sa mga Parokya.

C. Mga paring Pilipino lamang ang may tungkulin sa mga Parokya.

D. Pagkakaroon ng pantay na karapatan ng mga paring Pilipino at Kastila.

______13. Sino sa mga paring ito ang namuno sa Sekularisasyon ng mga parokya sa Pilipinas?

A. Cardinal Antonio Tagle C. Padre Jacinto Zamora

B. Msgr. Pedro Palaez D. Pope Francis VI

______14. Dahil sa kalupitang ipinakita ng gobernador- heneral na ito, nagkaisa ang mga Pilipino na mag-alsa sa Cavite noong Enero 20, 1872?

A. Jose Maria Dela Torre C. Miguel Lopez De Legazpi

B. Ruy Lopez De Villalobos D. Rafael de Izquierdo

______15. Ano ang naging bunga ng pagkakahuli sa mga nag-alsa sa Cavite?

A. Paggarote kina GOMBURZA

B. Pagbaril kay Dr, Jose Rizal

C. Pagpatay kay Andres Bonifacio

D. Pagkakulong kay Donya Teodora

______16. Bakit ikinatakot ng mga paring Regular ang itinatadhana ng Konseho ng trent?

A. Dahil inalisan sila ng karapatan na mamuno sa mga misa

B. Dahil pinauwi na sila lahat sa Espanya.

C. Dahil sila ang namuno sa mga misyon.

D. Dahil pinahintulutan ang mga paring Pilipino na mamahala sa mga parokya sa bansa.

______17. Ano ang mabuting naidulot ng sekularisasyon sa mga Parokya?

A. Nagkawatak-watak ang mga Pilipino.

B. Nakipagkasundo ang maraming Pilipino sa mga Espanyol.

C. Nakipagtulungan ang mga mamamayan sa mga paring Pilipino

D. Lumakas ang tiwala ang mga mamamayan sa pamahalaan.

______18. Alin sa mga sumusunod ang hindi kabilang sa mga dahilan ng pag-aalsa sa Cavite?

A. Mahigpit na pamamalakad ng mga Espanyol.

B. Paghahadlang sa sekularisasyon ng mga parokya.

C. Paglimita sa pamamahayag ng mga Pilipino.

D. Pagbibigay ng libreng edukasyon sa mga Pilipino.

______19. Alin sa mga sumusunod ang ginawang dahilan ng mga Espanyol sa paghatol ng kamatayan kina Padre Mariano Gomez, Padre Jose Burgos at Padre Jacinto Zamora?

A. Ninais ng mga Pilipino na manatili sa kapangyarihan ng Espanya.

B. Ibig ng mga Pilipino na pabagsakin ang kapangyarihan ng Espanya.

C. Nakipagsabwatan ang mga Pilipino sa mga dayuhan.

D. Inamin ng mga Pilipino na ayaw na nila ng relihiyon.

______20. Paano ipinakita ng mga Pilipino ang pagnanais na magkaroon ng pantay na karapatan sa mga Espanyol?

A. Pagtataksil sa kapwa Pilipino

B. Pakikipagtulungan sa mga Pilipinong pari

C. Patuloy na pagbabayad ng buwis

D. Patuloy na pagtupad sa Polo Y Servicio

SUMMATIVE TEST 1 KEY:

1. A
2. A
3. B
4. C
5. A
6. D
7. A
8. B
9. A
10. B